## 4. Kapag naging isang magulang na pamilya （ひとり親家庭になったとき）

**【Allowance para sa pagpalaki ng bata】** （児童扶養手当）

Matatanggap ito ng magulang na nag-iisang nagpapakali ng anak hanggang sa unang Marso 31 matapos naging 18 taong gulang ang bata. (May limitasyong sa kita.)

Katanungan Child-raising Support Division ng munisipyo (pahina 16 at 17)

**【Suporta sa pang-araw-araw na pamumuhay para sa isang magulang na pamilya】**

（ひとり親家庭などへの日常生活支援）

Maaaring padalhan ng tauhang susuporta sa pang-araw-araw na pamumuhay ang isang magulang na pamilya o ang isang babae na nabiyuda o nadiborsiyo at nag-iisang namumuhay kapag dahil sa sakit o sa paghahanap ng trabaho ay pansamantalang nahihirapan sa gawaing bahay. Libre ito sa mga pamilya na tumatanggap ng tulong sa pamumuhay (seikatsu hogo) at sa mga pamilya na libre ang buwis ng bayan.

Katanungan Child-raising Support Division ng munisipyo (pahina 16 at 17)

**【Sistema ng tulong para sa medikal na gastos ng mga isang magulang na pamilya】**

（ひとり親家庭医療費助成制度）

Ang isang bahagi ng medikal na gastos ng mga bata sa isang magulang na pamilya, na ang gulang ay hanggang 18 taon (hanggang sa unang Marso 31 matapos ang 18 taon gulang na kaarawan) at ang ama, ina o nagpapalaking tao, ay babayaran. (May limitasyon sa kita. Ang medikal na gastos lamang na magagamit ang medical insurance.)

Ngunit may kaso na ang mga taong tumatanggap ng tulong sa pamumuhay (seikatsu hogo), atbp, ay hindi makakatanggap ng tulong na ito.

Katanungan Health Insurance and Pension Division ng munisipyo (pahina 16 at 17)

**【Iba pa】** （その他）

May priority frame sa recruitment ng paupahang bahay ng lungsod. May mga kondisyong dapat tugunan kaya tumawag lamang upang magtanong.

Katanungan Sakai Municipal Housing Management ☎072-228-8225 FAX 072-228-8223